Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Provincial Environment and Natural Resources Office

September 30, 2022

DENR MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
05 OCT 2022
INCOMING OUTGOING
BY: DATE NO.

**MEMORANDUM**

**FOR** : The Regional Executive Director
MIMAROPA Region

**THRU** : The ARD for Technical Services

**FROM** : The In-charge, PENR Officer
Oriental Mindoro

**SUBJECT** : **JUSTIFICATION ON THE INTEGRATED PROTECTED AREA FUND-PROTECTED RETURN INCOME ACCOUNT (IPAF-PARIA) COLLECTED FOR C.Y. 2021**

Forwarded is the justification of Naujan Lake National Park – Protected Area Management Office (NLNP-PAMO) regarding the target on the collection of IPAF – PARIA for CY 2021.

Please be informed that the actual collection from the previous year amounted to Php 69,510.00 comprised of deposited 25% IPAF -Special Account in the General Fund (IPAF – SAGF) to the National Treasury Accounting with the amount of Php 17,377.50 and 75% IPAF-PARIA amounting to Php52,132.50 deposited to the Landbank of the Philippines, Calapan City Branch in Oriental Mindoro.

The said accomplishment had sharp increase from the usual target of Php3,000.00 only, thus, justification is herewith attached.

For information and record.

**TSD CHIEF ALMA E. GIBE**

DENRPENRO2210000017

*PENRO Tracking No. 2209000787*
*TSD-CDS/bf*

pfile

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**Community Environment and Natural Resources Office**

September 27, 2022

**MEMORANDUM**

DENR-MIMAROPA REGION
PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE
ORIENTAL MINDORO
PENRO TRACKING NO.
RECEIVED BY:
DATE: SEP 28 2022
TIME:

**FOR** : The Regional Executive Director

**THRU** : The PENR Officer

**FROM** : The CENRO

**SUBJECT** : **JUSTIFICATION ON THE INTEGRATED PROTECTED AREA FUND – PROTECTED RETURN INCOME ACCOUNT (IPAF-PARIA) COLLECTION FOR C.Y. 2021**

Respectfully forwarding the justification of Naujan Lake National Park – Protected Area Management Office (NLNP-PAMO) regarding the target on the collection of IPAF – PARIA of PhP 3,000.00 for C.Y. 2021.

For information and record.

**RODEL M. BOYLES**

Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro
cenrosocorro@denr.gov.ph

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**Community Environment and Natural Resources Office**

September 27, 2022

**MEMORANDUM**

**FOR** : The Regional Executive Director

**THRU** : The PENR Officer

**FROM** : The Senior EcoMS / PASu, NLNP

**SUBJECT** : **JUSTIFICATION ON THE INTEGRATED PROTECTED AREA FUND – PROTECTED RETURN INCOME ACCOUNT (IPAF-PARIA) COLLECTION FOR C.Y. 2021**

This pertains to the regular target of Naujan Lake National Park – Protected Area Management Office (NLNP-PAMO) on the collection of IPAF –PARIA of PhP 3,000.00 for C.Y. 2021. The actual collection for the said year amounts to PhP 69,510.00 comprised of deposited 25% IPAF - Special Account in the General Fund (IPAF-SAGF) to the National Treasury Account amounting to PhP 17,377.50 and 75% IPAF-PARIA amounting to PhP 52,132.50 deposited to Landbank of the Philippines, Calapan City Branch, Oriental Mindoro.

The physical accomplishment is 579% higher than the actual target due to following reasons:

- The designated Special IPAF Collecting Officer together with other PAMO personnel has been *active coordinating with concerned Barangay Local Government Unit (BLGU) and fisherfolk presidents* about the collection of resource user fees specifically for fishing. Amount of which are specified, to wit:

  (a) PhP 100.00 for non-motorized boats
  (b) Php 200.00 for motorized boats

  *Attached herewith is a copy of the resolution / basis of the said amount.*

  During this year, some fisherfolk organization has just been established and others have been reactivated that gave way for easier communication with the members;
- The Protected Area Management Board (PAMB) of NLNP have also been supportive in reminding the BLGU about the collection of fees from resource users in the protected area;
- Said personnel have also been *committed in conducting Communication, Education and Public Awareness (CEPA) activities* which effectively disseminated information about the registration of boats used for fishing; and,
- Due to the CoViD 19 pandemic, *many residents opt to engage in fishing as alternative livelihood* in Naujan Lake since economic activities during this time has been restricted and a lot of people have become jobless.

Please be informed that during the 3rd Regular NLNP-PAMB Meeting, a resolution for the collection of fees for Special-Use Agreement in Protected Areas (SAPA) (for non-titled business entities) and Non-SAPA (for titled business entities) has been endorsed. Further, policy for boats used for trading and navigation is being currently formulated. The proposed fees, if approved by the PAMB Chairperson will be an additional resource use collection in the protected area fund.

Furthermore, the regular target for IPAF in the succeeding year is recommended for a considerable increase of amount to be collected.

For information and record.

**RICARDO R. NATIVIDAD**

Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES**
Community Environment And Natural Resources Office
**NAUJAN LAKE NATIONAL PARK**
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE MEETING OF NAUJAN LAKE NATIONAL PARK MANAGEMENT BOARD ON DECEMBER 7, 2016 AT CENRO-SOCORRO, ORINETAL MINDORO

**PRESENT:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. TERESITA MANGUBAT | - | Brgy. Tagbakin, Socorro *(PAMB Rep.)* |
| 2. RICMAR B. AZUCENA | - | DWCC |
| 3. ELVIRA R. BUENA | - | Brgy. Pasi I, Socorro |
| 4. HIPOLITO V. MAÑIBO | - | Brgy. Batongdalig, Socorro |
| 5. DANILO R. CASPE | - | Brgy. Pasi II, Socorro |
| 6. NICANOR D. SORIA, SR. | - | Brgy. Matulatula, Socorro |
| 7. CARLOS ABNER M. ADAO | - | Brgy. Mabuhay II, Socorro (*PAMB Rep.)* |
| 8. CAROLINE G. MANUEL | - | MPDC, Victoria |
| 9. RONALDO L. GAYACAN | - | Brgy. Duongan, Victoria |
| 10. AGATON E. DELOS SANTOS | - | Brgy. Bambanin, Victoria |
| 11. GREGORIO A. GEDUCOS | - | Brgy. Urdaneta, Victoria |
| 12. MARILYN M. ALCAÑICES | - | PAgO |
| 13. MANUEL P. DELICA | - | MPDC, Socorro |

**Resolution No.12, Series of 2016**

**RESOLUTION ENDORSING THE FINAL DRAFT OF UNIFIED RULES AND REGULATIUONS (URR) OF NAUJAN LAKE NATIONAL PARK TO SANGGUNIANG PANLALAWIGAN OF ORIENTAL MINDORO AND FOUR (4) SANGGUNIANG BAYAN OF NAUJAN, VICTORIA, SOCORRO AND POLA FOR THEIR RESPECTIVE CONDUCT OF PUBLIC HEARING AND APPROVAL**

**WHEREAS,** the Naujan Lake National Park (NLNP) was proclaimed by virture of Proclamation of No. 282 issued on 27 March 1956, making it an initial component of the National Integrated Protected Areas System (NIPAS) that was established through Republic Act (RA) No. 7586 in 1992;

**WHEREAS,** the Protected Area Management Board (PAMB) is embodied by different stakeholders mandated to provide the effective management of NLNP, to protect and conserve its vast natural resources and its ecosystem;

**WHEREAS,** the Unified Rules and Regulations (URR) on Fisheries or *"Kautusang ang pangisdaan ng Naujan Lake National Park"* covers the fishing policies and regulations within the Naujan Lake National Park;

**WHEREAS,** this URR harmonizes and in line with the different laws and in the Protected Area Management Plan;

**WHEREAS,** this URR will help in providing best management in the conservation and protection of Naujan Lake National Park;

**NOW THEREFORE,** be it resolved as it is hereby resolved by the Protected Area Management Board of Naujan Lake National Park, to endorse the final draft of Unified Rules and Regulations (URR) of Naujan Lake National Park to Sangguniang Panlalawigan of Oriental Mindoro and four (4) Sangguniang Bayan of Naujan, Victoria, Socorro and Pola for their respective conduct of public hearing and approval, with the condition that the Board will furnish the copy of this resolution to the concerned Offices upon approval;

**UNANIMOUSLY APPROVED** this 7th day of December 2016, on the motion of Municipal Planning and Development Coordinator Engr. Manuel P. Delica duly seconded by Barangay Captain Nicanor D. Soria, Sr. of Barangay Matulatula, Pola at Vencio's Garden Hotel and Restaurant, Tawiran, Calapan City, Oriental Mindoro.

Prepared by:

**RICARDO R. NATIVIDAD**
Protected Area Superintendent/
NLNP-PAMB, Head Secretariat/
Senior ECOMS

Attested and certified to be duly adopted:

**RICMAR B. AZUCENA**
Presiding Officer

Approved by:

**NATIVIDAD Y. BERNARDINO, CESE**
NLNP-PAMB Chairman/
OIC-Regional Director

# PANUKALANG ALITUNTUNIN SA PANGINGISDA AT/O PANGISDAAN UNIFIED RULES AND REGULATIONS (URR) SA KINASASAKUPANG TUBIG NG LAWA NG NAUJAN

PAMBUNGAD:

- Kautusang pagtatakda ng mga alituntunin sa pangingisda sa kinasasakupang katubigan ng NAUJAN LAKE NATIONAL PARK (NLNP), lalawigan ng Silangang Mindoro at para sa iba pang layunin:

  *Ayon sa:*
  - RA 7586 (NIPAS Act)
  - RA 8550 as amended by RA 10654 (Fisheries Code of 1998)
  - RA 7160 (Local Government Code)
  - DAO 2007-17 (Prescribing Rules and Regulations Governing Special Uses within Protected Area
  - Naujan Lake Management Plan
  - Provincial Ordinance 004-2004 (Provincial Coastal Marine and Inland Water Resources Management Code)
  - DA- FAO 247 (Obstruction to Migratory Path)
  - DAO No.2 S.1975 (Revised Rules and Regulations Covering Fishing Small Fishermen in Naujan Lake National Park)

- Ipinasya ng Protected Area Management Board (PAMB) sang-ayon sa Naujan Lake Fishery Management Committee (NLFMC) na ipatutupad ang mga sumusunod na patakaran para sa pangisdaan sa lawa ng Naujan:

| | | |
|---|---|---|
| *Seksyon 1* | - | Katawagan (Title/Heading) |
| *Seksyon 2* | - | Saklaw (sukat ng Naujan Lake National Park (NLNP) kasama ang Butas River, lahat ng ilog, sapa, ilat na patuloy na dumadaloy sa lawa |
| *Seksyon 3* | - | Kahulugan ng mga salita |
| *Seksyon 4* | - | Pahintulot pangisdaan |
| *Seksyon 5* | - | Mga maaring bigyan ng pahintulot sa bukas na pangisdaan at karapatan sa mga prebilehiyong pangisdaan |

Seksyon 6 - Pinapahintulutang paraan ng pagpapaunlad ng yamang Pangisdaan

Seksyon 7 - Pag-uuri at paghahati ng katubigang lawa ng Naujan

Seksyon 8 - Pagkilala at pagbibigay suporta sa Lake Fisheries and Aquatic Resource Management Council (LFARMC)

Seksyon 9 - Talaan ng mga mangingisda at bangkang pangisdaan ng bayan at muling pagsusukat (Registry of Municipal Fishing Boat)

Seksyon 10 - Kaukulang bayarin

Seksyon 11 - Pagtatalaga ng takdang kulay at bilang ng bangka (Color coding and Numbering)

Seksyon 12 - Mga taong dapat magpaganap ng kautusang ito

Seksyon 13 - Mga pagbabawal

Seksyon 14 - Multang pang-administratibo

Seksyon 15 - Pag-iingat ng mga isda, gamit pangisda at bangkang Nakumpiska

Seksyon 16 - Suporta sa bantay-lawa

Seksyon 17 - Pagtatalaga ng SUB-IPAF

Seksyon 18 - Pananaliksik sa katubigan ng NLNP

Seksyon 19 - Pagpapatibay ng Sangguniang Bayan sa kautusang ito

Seksyon 20 - Kaparusahan

Seksyon 21 - Pagpapawalang bisa (Repealing Clause)

Seksyon 22 - Pagkakabisa (Effectivity)

## KAUTUSAN NG NAUJAN LAKE NATIONAL PARK PAMB 2007-01

## KAUTUSANG NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN SA PANGINGISDA AT/O PANGISDAAN SA KINASASAKUPANG KATUBIGAN NG NAUJAN LAKE NATIONAL PARK , LALAWIGAN NG SILANGANG MINDORO AT PARA SA IBA PANG MGA LAYUNIN

Ayon sa RA 7586 o National Integrated Protected Areas System (NIPAS), DAO No. 26, Series of 2008, sa mga tadhana ng RA 8550 o ng Fisheries Code of 1998, Naujan Lake Management Plan at iba pang batas na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalikasan, lalo na ng Protected Area, ipinasya ng Naujan Lake National Park PAMB ang mga sumusunod na patakaran para sa pangisdaan ng Naujan Lake, na inaasahang pagtibayin ng bawat bayan na nakakasakop sa Naujan Lake.

*Seksyon 1* **KATAWAGAN**

Ang kautusang ito ay tatawaging Kautusang ang pangisdaan ng Naujan Lake National Park o (Unified Rules and Regulaions on Fisheries) na kailangang ipatupad kaugnay ng mga pambansang batas maging ito ay pang rehiyon at pang lokal, kautusan, patakaran at regulasyon sa pangingisda o pangisdaan na kasalukuyang ipinatutupad at maaring ipatupad pa sa darating na panahon.

*Seksyon 2* **SAKLAW**

Ang kautusang ito ay sumasaklaw sa katubigang sakop ng Naujan Lake National Park na humigit-kumulang 8,125 na ektarya. Saklaw din ng kautusang ito ang Butas River , migratory path na naayon sa Fishery Administrative Order (FAO) No. 247 at ang lahat ng ilog, sapa at daluyang tubig na patungo sa lawang ito.

*Seksyon 3* **KAHULUGAN NG MGA SALITA**

Sa paggamit ng kautusang ito, ang kahulugan ng mga salita ay ang mga sumusunod:

3.1 Aktibong Gamit Pangisda (Active Fishing Gear) gamit pangisda na ginagamit sa pamamagitan ng pagpapakilos ng kabuuan o mga bahagi nito upang habulin o hulihin ang mga pinapaksang isda o mga katulad nito sa pamamagitan ng paghila, pag-angat, pagtulak, pagsudsod o pananakot at pagpapaikot patungo sa isang kulungan o isang bahagi ng gamit pangisda kung saan ang mga ito ay hindi na makakatakas kabilang ang mga susunod at katulad na paraan; palispis, sukot, suro, basnig, habing, pukot, trakilis at compressor na may kahulugang nakasaad rin sa seksyong ito.

3.2 Aquaculture Operasyong pangisdaan kabilang ang lahat ng paraan ng pangangalaga ng isda at iba pang kauri nito na matatagpuan sa tubig-tabang, tubig-tabsing, tubig-alat.

3.3 Baklad Ito ay di aktibong gamit pangisda na kalimitang itinatayo sa mababaw na bahagi ng baybay lawa kung saan dumadaan at mahuhuli ang mga isda tulad ng banglis, ayungin, simbad, biya at iba pa.

3.4 Bukas na pangisdaan Ito ay parte ng katubigang lawa kung saan ang mga mangingisda ay malayang makapangisda.

3.5 Dala - Nilalang nylon o sinamay na sinulid na inihahagis pabuka sa tubig at sasara kapag hinila ang lubid o tali na nakapalibot sa bukana nito, na may pabigat na pinasadyang bilog-habang metal.

3.6 Di-aktibong Gamit Pangisda - (Passive Fishing Gear) Gamit pangisda na walang bahaging pinakikilos o di kumikilos upang habulin/hulihin ang mga isdang pinapaksa gaya ng pante, kawil, pana, pantaas at katulad na mga palakaya. Karaniwan na ang mga ito ay inilaladlad o iniaabang lamang sa mga tirahan o daanan ng mga isda.

3.7 Entidad Grupo, samahan, korporasyon, at iba pang kauri nito na may itinalagang pinuno, may batas panloob at may tiyak na layunin at tunguhin.

3.8 "LFARMC - Lake Fisheries and Aquatic Resources Management Council

3.9 Fish Sanctuary - lugar na itinalaga bilang tirahan at/o pangitlugan ng mga isda at iba pang laman ng katubigan na pinangangalagaan ng iba t-ibang sector ng pamahalaan at ng PAMB kung saan ipinagbabawal ang pangingisda at pagdaan ng lahat ng uri ng sasakyang pandagat o anumang gawain na makakaligalig sa lugar na itinalagang Fish Sanctuary .

3.10 Fish Trap (Bubo o Patanga) Gamit pangisda kung saan ang mga isda o iba pang kauri nito ay kusang pumapasok sa isang lagusang bahagi nito at hindi na magagawang lumabas pa mula dito.

3.11 Kooperatiba Samahan ng mga tao na natatag o natala sang-ayon sa itinatadhana at alituntunin ng batas Republika Bilang 6938 o Kodigo ng kooperatiba ng Pilipinas.

3.12 Maraming Kagamitang Sona (Multiple Use Zone) Ito'y tungkol sa pinamamahalaang sona sa loob ng parke na kung saan makikita ang pamayanan, tradisyonal at sustinabling paggamit ng lupain tulad ng pagsasaka, agro-forestry at ibang pangkabuhayang gawain ay pinahihintulutan na naaayon sa management plan. Ang lugar na ito ay tumutukoy din sa high recreational tourism, educational o environmental awareness values at lugar na may dating installations of national significance/interest tulad ng mga facilidad/estraktura para sa renewable energy, telecommunication at hydro-electric power generation at marami pang iba.

3.13 Maliliit na Mangingisda - Tumutukoy sa mga mangingisdang di gumagamit ng bangka o gumagamit ng sasakyang pangisda na di lalagpas sa tatlong grosang tonelada (3.0 GT) ang bigat. Maaaring ang pangingisda ang kanilang pangunahing hanapbuhay o kaya ay nangingisda sila sa kanilang bakanteng panahon.

3.14 Migratory Path (Natural na Daanan ng Isda) Ito ang mga palagiang dinaraanan ng mga isda na pumapasok at lumalabas sa karagatan, lawa at/o kailugan.

3.15 Naujan Lake National Park Lawang nasasakupan ng 4 na munisipyo (Naujan, Pola, Victoria at Socorro) may sukat 8, 125 ektarya itinalagang National Park" at Initial component ng RA 7586 ( National Integrated Protected Areas System Act of 1992) IRR DAO 26, Series of 2008.

3.16 PAMB Protected Area Management Board isang Board na siyang may legal na kautusan sa pangangalaga ng lawa.

3.17 Pangingisda Pagkuha o panghuhuli ng lamang lawa mula sa kanilang likas na kalagayan sa kanilang tirahan sa pamamagitan ng paggamit ng sari-sarili o di-sariling kagamitang pangisda, sakay o di-sakay na sasakyang pangisda.

3.18 Pangunguryente Panghuhuli ng isda, hipon at iba pang lamang tubig sa pamamagitan ng paggamit ng kuryente na maaaring nagmumula sa baterya, generator at iba pang suplay ng elektrisidad.

3.19 Pante (Gill Net) Isang uri ng lambat na itinatangkad sa tubig upang makahuli ng isdang pinapakay nito. Ito ay maaaring nakalapat palagi sa ilalim ng dagat, ilog, lawa o iba pang katubigan at maaari din namang nakaangat mula sa ilalim at tinatangay ng agos.

3.20 Pinong Lambat Lambat na ang mga mata o siwang ay may sukat na maliliit pa sa tatlong (3) sentimetro kapag nabanat.

3.21 Prebilehiyong pangisdaan Ito ay lugar ng katubigang lawa na maaaring itakda para sa limitado o pribelilehiyong pangingisda.

3.22 Residenteng Mangingisda Tumutukoy sa mga mamamayan ng kani-kanilang bayan na sumasaklaw sa NLNP na ang hanapbuhay ay pangingisda, anumang uri ng pangingisda o timbang ng bankang ginagamit.

3.23 Salambaw Isang lambat pantaas o lift net na hugis parihaba at karaniwang ginagamit na panghuli ng mga isdang pumapasok sa ilog.

3.24 Salap Isang gamit pangisda na binubuo ng pinong lambat na karaniwang nakakabit sa dalawang mahabang kawayan o katulad nito, karaniwang ginagamit na panghuli ng apta at iba pang maliliit na lamang lawa. Ito ay kilala rin sa tinatawag na sigpaw.

3.25 Sonang Mahigpit ang Pangangalaga (Strict Protection Zone)- ito'y tungkol sa pinamamahalaang lugar sa loob ng parke na may angkop na lugar na may mataas na antas ng samut- saring buhay (high biodiversity value) at sarado sa lahat ng gawain ng tao maliban sa siyentipikong pag-aaral o gamit sa seremonya o relihiyosong pagamit ng mga katutubo. Kasama dito ang mga tirahan ng nanganganib na maubos na buhay ilang o mga lugar na nasira na nangangailangang ibalik sa kanyang dating anyo at ibayong pangangalaga, lugar na itinalagang fish sanctuary at lugar na itinalaga ng PAMB para sa mahigpit na pangangalaga na naaayon sa NIPAS Act.

3.26 Superlight (Magic light) Isang uri ng ilaw na gumagamit ng di pangkaraniwang bombilyang halogen o iba pang ilaw, may sukat na liwanag na higit isang libong watt (1000wa) ang isa o kabuuan ng lahat na maaaring matagpuan sa ibabaw ng tubig o nalakubog sa tubig.

3.27 Sub-IPAF Integrated Protected Area Fund na laan sa gamit ng NLNP.

*Seksyon 4* **PAHINTULOT PANGISDAAN**

Labag sa batas ang manghuli o kumuha, magtipon ng mga lamang lawa sa tubigang sakop ng Naujan Lake National Park (NLNP) sa lalawigan ng Silangang Mindoro sa pamamagitan ng lambat, bitag o iba pang mga

kagamitan sa pangingisda o klase/uri ng pamalakaya ng walang balidong lisensya o pahintulot na iginawad ng PAMB.

Labag sa batas at mahigpit na ipinagbabawal ang baklad saan mang bahagi ng lawa at Butas River.
Ang mga bangkang pangisdang may motor o wala, na may timbang na tatlong (3) grosa tonelada o kulang ay kailangang maiparehistro sa bayan kung saan residente ang mangingisda bago ito mabigyan ng kaukulang pahintulot, permiso o karapatan ng PAMB para magamit sa pangingisda sa katubigan ng NLNP.

Ang kapahintulutan sa pangingisda ay ibinibigay ng pinuno ng PAMB sa pamamagitan ng Protected Area Superintindent (PASu) pagkatapos makapagrehistro at mabayaran ang kaukulang permiso.

Ang ibinigay na kapahintulutang mangisda sa lago ay hindi pwedeng isalin sa ibang tao, kaibigan o kamag-anak na gustong mangisda at kinakailangang daladala nya ito habang siya ay nangingisda.

*Seksyon 5*

## MGA MAAARING MABIGYAN NG PAHINTULOT MANGISDA SA BUKAS NA PANGISDAAN AT KARAPATAN SA MGA PREBILEHIYONG PANGISDAAN

Ang mga sumusunod ang karadapat-dapat para pagkalooban ng esklusibo o natatanging karapatan sa pangisda sa katubigan ng NLNP.

a. Mga rehistradong maliliit na mangingisda at lehitimomg mamamayang Pilipino na naninirahan sa mga bayan ng Socorro, Pola, Victoria at Naujan; sa baybayin ng Naujan Lake.

b. Mga rehistradong asosasyon at kooperatiba ng maliliit na mangingisda ng alinmang bayan sa may baybayin ng Naujan Lake.

c. Mga turistang magsasadya sa Naujan Lake para sa uri ng konbensyonal na uri ng pangisda tulad ng pangangawil, na may kaugnay sa mga isinagawang planong panturismo.

*Seksyon 6*

## PINAHIHINTULUTANG PARAAN NG PAGPAPAUNLAD NG YAMANG PANGISDAAN

Ang mga sumusunod na paraan lamang ang pagsusumikapang maipatupad para higit na mapaunlad ang lamang lawa:

a. Ang paglalagay ng semilya ng isda tulad ng tilapia, dalag, hito, bangus, at iba pang lake species na hindi makakaapekto sa kalikasan ayon sa patuloy na pag-aaral ng mga dalubhasa sa ganitong larangan

tulad ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources at mga researcher ng UP Los Baños at iba pang institusyon at kinikilalang indibidwal sa ganitong larangan.

b. Ang pagtukoy at pagtatalaga ng mga Fish Sanctuary na magsisilbing pangitlugan, pangainan at kanlungan ng mga isda ay patuloy na isulong at mapagyaman.

c. Ang patuloy na pagbabantay para di malagyan ng anumang sagabal o hadlang sa migratory path ng mga isda lalo t higit sa anumang bahagi ng Butas River . Ito ay kailangang mapanatili sa anumang oras sa lahat ng panahon.

d. Ang Fish Cage ay hindi pinahihintulutang itayo sa lawa, maliban sa pananaliksik o pag-aaral sa angkop na isda sa lawa.

*Seksyon 7* **PAG-UURI AT PAGHAHATI NG KATUBIGANG LAWA NG NAUJAN**

Ang katubigan ng NLNP sa layunin ng natatanging karapatan sa pangisdaan ay paghahatian at uuriin na naaayon sa batas NIPAS tulad ng mga sumusunod:

Maraming Kagamitang Sona (Multiple Use Zone) at Sonang may mahigpit na pangangalaga (Strict Protection Zone) at Tourism Zone. Kung kinakailangan, ang bawat barangay na nasa tabi ng lawa ay magtalaga ng mga sonang nabanggit, at ito ay lalagyan ng mga tanda o marker upang sa gayon maiiwasan ang anumang sigalot sa gamit ng katubigan sa darating na panahon. Sa pasubali na itoy napagpasyahan ng barangay at sinang-ayunan ng PAMB at nakapaloob sa planong pamamahala (Management Plan).

At ang mga ispesyal na gamit ng anumang bahagi ng katubigan ng Naujan Lake National Park bago mapagkalooban ng Environmental Compliance Certuficate ay dapat kumuha ng Special Use Permit sang-ayon sa DAO 17.

*Seksyon 8* **PAGKILALA SA LAKE FISHERIES AND AQUATIC RESOURCE MANAGEMENT COUNCIL (LFARMC)**

Ang PAMB at lahat ng kasapi nito ay lubos na kumikilala sa LFARMC na itinatag sang ayon sa Batas Republika Bilang 8550 at FAO 196. Ang komposisyon, tungkulin at karapatan ng LFARMC ay tuwirang ayon sa itinakda ng nasabing batas.

Ang lahat ng kinatawan ng Pamahalaang Lokal sa PAMB ay dapat sumangguni sa Municipal FARMC sa kanilang mga desisyon na may kinalaman sa pangisdaan.

*Seksyon 9* **TALAAN NG MANGINGISDA AT MGA BANGKANG PANGISDA NG BAYAN AT MULING PAGSUSUKAT (Registry of Municipal Fishing Boat)**

Ang local na pamahalaan ay magpapatala ng mga mangingisda at mag-iisyu ng ID . Ang mga pamahalaang bayan ng Naujan, Victoria, Pola at Socorro sa tulong ng LFARMC ay lilikha at mag-iingat ng talaan ng mga bangkang pangisda ng bayan ayon sa itinakda ng E.O. 305 na sa pasubali ay bibigyan ng sipi ng talaan ng mangingisda ang PAMB. Ang mga di nakatala sa Registry Book ay nangangahulugan na walang pahintulot at mahigpit na ipinagbabawal ang nasabing operasyon at paggamit nito. Ang mga bangkang de-sagwan, balsa at iba pang kauri nito na ginagamit ng maliliit na mangingisda kasama ang bangkang de motor ay kailangang kumuha pa ng kapahintulutan sa kinaukulan.

*Seksyon 10* **KAUKULANG BAYARIN**

Ang lahat ng mangingisda sa lago ng Naujan ay kailangang tumubos muna ng Fishing Permit sa opisina ng Protected Area Superintendent na may halagang isang daang pesos (P100.00) sa mangingisdang may bangkang walang motor at dalwang daang pesos (P200.00) sa mangingisdang ang bangka ay may motor bago ito mangisda.

Ang Fishing Permit na ito ay may bisa sa loob ng isang taon at kailangang i-renew ulit sa ganong petsa ng kanyang pagtubos. Ang sinumang mangingisda na hindi nakapag-renew ng Fishing Permit sa loob ng animnapung araw mula ng ito'y mapawalang bisa ay may multa o karagdagang bayarin na dalwamput limang bahagdan (25%) sa regular na kabayaran.

Sa mga turistang gagamit sa NLNP ay magkakaroon ng Environmental Fee kada turista:

| | | |
|---|---|---|
| Local | - | P 20.00 |
| Foreigners | - | P 50.00 |

*Seksyon 11* **PAGTATALAGA NG TAKDANG KULAY AT BILANG NG BANGKA (Color Coding & Numbering)**

Ang mga sumusunod na kulay ay itatakda para sa mga bangka ng pahihintulutan sa lawa ng Naujan:

a. Naujan - Blue/BGS-01-0001 up
b. Pola - Red/BGS-02-0001 up
c. Socorro - Yellow/BGS-03-0001 up
d. Victoria - Green/BGS-04-0001 up

Na pananatilihin ang kulay sa bawat oras at panahon ng paggamit ng bangka.

*Seksyon 12* **MGA TAONG DAPAT MAGPAGANAP NG KAUTUSANG ITO**

Ang Protected Area Superintendent (PASu) ang gaganap na pangunahing tagapagpatupad ng kautusang ito sa tulong ng mga opisyales ng naturang barangay at Pamahalaang Bayan sa kapangyarihang ipinagkaloob sa kanila ng Batas Republika bilang 7160, Philippine Coast Guard, PNP-Maritime Command, Local PNP Command, Deputized Wardens at MFRMC. Sa pasubali na ang mga nabanggit na tao ay kinakailangang italaga sa pamamagitan Deputation Order , buhat sa Kagawaran ng Kapaligiran at Likas Yaman bilang mga Bantay Lawa o Fish Warden at dagdag pasubali na ito ay inendorso ng PAMB.

*Seksyon 13* **MGA PAGBABAWAL**

1. PANGISDAANG GUMAGAMIT NG MALALAKING BANGKA
Labag sa batas ang mga bangkang komersyal o bangkang tumitimbang ng higit sa tatlong (3) tonelada, ang manghuli ng isda o anumang lamang lawa sa katubigang sakop ng NLNP at Butas River, sa pasubaling ang mga bangkang nabanggit ay puede lamang gamitin sa pampasahero, paghahakot ng mga kargamento at may kaukulang permiso o pahintulot ng kinauukulang ahensya para dito.

2. PAGBABAWAL SA BASNIG , SURO , PUKOT o BAYAKOS AT IBA PANG MAPANIRA AT MAPAMINSALANG URI NG PANGINGISDA Itinatalagang usigin sa ilalim ng R.A. 8550 laban sa aktibong pamamalakaya ng pangingisda sa NLNP na gamit ang basnig , suro , at pukot o bayakos. Ang may-ari, piloto o kapitan ng bangka at maestrong mangingisda, nangalap (recruiter) o nag-organisa (organizer) ng mangingisdang manggagawa na lumabag sa kautusang ito ay ipagharap ng sakdal sa ilalim ng Seksyon 90 ng R.A. 8550 o ng Batas Pangisdaan ng 1998.

3. PANGHUHULI O PANGUNGUHA NG PAMBIHIRA AT NANGANGANIB NA MAUBOS/MAWALA NA URI NG YAMANG LAWA - Labag sa batas sa sinuman ang manghuli o manguha ng pambihira at nanganganib na maubos/mawala na uri ng yamang lawa o mga buhay-ilang ng Naujan Lake National Park na nakatala sa Convention on International Trade on Endangered Species (CITES). Ang sinumang

lumabag sa kautusang ito ay ipagsasakdal at uusigin sang-ayon sa itinatadhana ng R.A. 8550 at Batas Pangisdaan ng 1998.

4. PAGGAMIT NG PINONG LAMBAT - Labag sa sinumang tao ang mangisda at gumamit ng lambat na may butas na maliit sa tatlong (3) sentimetro. Sa pasubali na ang pagbabawal na ito sa paggamit ng pinong lambat ay hindi sasaklaw sa panghuhuli ng apta at hipon. Ang sinumang lumabag sa kautusang ito ay uusigin sang-ayon sa R.A. 8550 o Batas Pangisdaan ng 1998, sa pasubaling kakanselahin ang pahintulot para mangisda at ang pagkumpiska na walang pagsasauli ng lahat ng gamit pangisda.

5. PANGINGISDA SA PAMAMAGITAN NG PAPUTOK, LASON AT KURYENTE - Labag sa sinuman ang manghuli, manguha at mangalap ng isda o anumang klase ng isda sa katubigang NLNP AT Butas River sa pamamagitan ng paggamit ng paputok, lason at kuryente. Ang sinumang lumabag sa kautusang ito ay ipagsasakdal at parurusahan sang-ayon sa R.A. 8550 at NIPAS Act.

6. PANGINGISDA SA MGA LUGAR NA DEKLARADONG FISH SANCTUARY - Labag sa sinuman ang mangisda o manghuli ng isda sa mga lugar na deklaradong Fish Sanctuary . Ang sinumang lumabag sa kautusang ito ay ipagsasakdal at parurusahan sang-ayon sa itinatadhana ng NIPAS Act at R.A. 8550 o Batas Pangisdaan ng 1998 sa pasubali na kalakip na kaparusahan ang pagkumpiska ng lahat ng kagamitang pangisda at nahuling isda.

7. PAGGAMIT NG SUPERLIGHTS - Labag sa batas sa sinumang manghuli ng isda o mangisda sa katubigan ng NLNP at Butas River sa pamamagitan ng paggamit ng superlights . Ang sinumang lumabag ay uusigin at parurusahan sa ilalim ng R.A. 8559 0 Batas Pangisdaan ng 1998 sa parusang kukumpiskahin ang mga ginamit sa pangingisda at kasama pati huling isda.

8. PAGDUDULOT NG POLUSYON SA KATUBIGAN Ipinagbabawal ang pagpapadaloy ng anumang duming agricultural, industriyal, duming tubig, kasali ang mga kemikal na panghuli ng isda, basura mula sa mga bahayan at ang muling pagtatapon ng patay na isda sa panahon ng malawakang fish kill . Ang sinumang lumabag sa sinabing pagbabawal ay ipagsasakdal at papatawan ng kaparusahan sang-ayon sa isinasaad ng Seksyon XX ng Batas Republika para sa malinis na tubig (Clean Water Act) o Seksyon 21ng NIPAS Act ( RA No.7586)

9. PAGPAPAKAWALA NG ANUMANG HAYOP O HALAMAN SA NLNP NG WALANG PAHINTULOT ANG PAMB Ipinagbabawal sa sinuman ang magpakawala ng hayop o halaman na hindi likas na

nabubuhay dito sa NLNP at walang pahintulot ang PAMB, sa pasubaling, kung ito ang maging dahilan ng peste o panganib sa yamang lawa dito o sa mga ikinabubuhay ng mga residenteng mangingisda, tatasahin ang mga itatalagang eksperto ng PAMB ang halaga ng kapinsalaan para pagbayaran ng mga salarin.

10. AKTIBONG GAMIT PANGISDA (Active Fishing Gear) Mahigpit na ipinagbabawal ang pangingisda sa loob ng lago o mga sapa nito ang aktibong gamit pangisda o active fishing gear.

11. Mahigpit ding pinababawal ang paglagay ng baklad o harang sa mga natural na daluyan ng tubig tulad ng ilog o sapa na nagsisilbing daanan ng isda (Migratory path) papasok o palabas sa lawa o karagatan.

*Seksyon 14* **MULTANG PANG-ADMINISTRATIBO**

Maliban sa paggamit ng paputok, lason, kuryente sa pangingisda, ang lahat ng paglabag na isinasaad sa Seksyon 13 at iba pang bahagi ng kautusang ito ay kikilalanin ding paglabag sa mga pang-administratibong alituntunin ng mga bayang saklaw ng NLNP na maaaring patawan ng multang pang-administratibo sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin:

a. Na ang multang pang-administratibo na maaaring ipataw ay katumbas ng dalawang beses na halaga ng nahuling isda o lamang dagat, sang-ayon sa tasasyon ng Pambayang Agrikultura, alinsunod sa gabay ng pagpapatupad (Implementation Rules and Regulations-IRR). Sa pasubali na ang multang administratibo ay di kainlanman bababa ng halagang limang daang piso (Php. 500.00).

b. Na ang lumabag na papatawan ng multang ito ay doon lamang sa nahuling lumabag sa Batas Pangisdaan sa NLNP para sa unang paglabag (first offense) at pag-uulit (second offense) ay isasakdal na sa kasong criminal at kukumpiskahin ang huling isda, gamit pangisda pati na ang sasakyang gamit pangisda.

c. Na ang lumabag sa unang pagkahuli (first offense) ay lalagda sa sinumpaang pahayag (sworned undertakings) na di na muli siya lalabag dito.

Ang Punong Bayan o kanyang kinatawan sa PAMB ang siyang magpapatupad ng seksyong ito para sa PAMB at siya ang sisiguro na lahat ng pagpapataw ng multang pang-administratibo ay alinsunod sa alituntuning dito y isinasaad, sa pasubali na ang pagpapataw ng multang pang-administratibo ay ganap at kabuuang pagpapaturing na ang naganap na paglabag ay paglabag pang-administratibo. Na ang multang nakolekta o natanggap mula sa paglabag ay may kaukulang opisyal na resibo at

ilalagak o idadagdag sa Integrated Protected Area Fund (IPAF) Fund code 101-035.

Seksyon 15 **PAG-IINGAT NG MGA ISDA, GAMIT, BANGKA NA NAKUMPISKA**

Ang lahat ng isda, gamit pangisda at mga bangkang nahuli o nakumpiska dahilan sa paglabag sa kautusang ito, ay kailangang isapag-iingat ng itatalaga ng PAMB member sa bawat bayan sa pamamagitan ng Punong Bayan. Ang mga ito ay tatanggapin at pag-iingatan ng Hepe ng Pulisya ng bayan. Ang disposesyon ng nasabing mga gamit, isda at bangka ay gagawin lamang alinsunod sa utos ng hukuman o sa paraang pinahihintulutan ng batas at regulasyong kaugnay nito. Sa pasubali, na ang lahat ng isdang nakumpiska na hindi huli sa paputok o lason ay kaagad na ipasusubasta sang-ayon sa paraang ipinag-uutos ng karaniwang alituntunin ng Pambansang Ingat-Yaman. Ang anumang halagang nakalap sa pamamaraang ito ay ibubukod ng Pambayang Ingat-Yaman at maari lamang ilabas o gamitin ayon sa utos ng hukuman o sa paraang pinahihintulutan ng batas at regulasyong kaugnay nito.

Seksyon 16 **SUPORTA SA BANTAY-LAWA**

Ang lahat ng naitalagang magpapatupad ng kautusang ito ay bibigyan ng insentibong katumbas ng tatlumpung bahagdan (30%) ng lahat ng multang malilikom kaugnay ng kanilang pagpapatupad ng kautusang ito. Maliban dito, ang mga naitalagang magpatupad na hindi regular na kawaning pamahalaan, gaya ng Bantay Lawa, Fishery Law Enforcement Team (FLET) at iba pang boluntaryong mamamayan ay bibigyan ng Pamahalaang Bayan ng kaukulang benepisyo gaya ng pasiguro sa sakuna, sebisyong legal at iba pang naaayong suporta.

Seksyon 17 **PAGTATALAGA NG SUB-IPAF**

Kailangang magkaroon ng trust fund and isang protected area na kilalaning Integrated Protected Areas (IPAS) Fund para sa pagkukunan ng panggastos sa mga proyektong NIPAS. Ang DENR ay pwedeng humingi at tumanggap ng mga donasyon, mga pagkakaloob sa pamamagitan ng kontribusyon. Ang lahat na kinikita na naggagaling sa isang protektadong lugar ay inilalagak sa pondong ito tulad ng mga kabayaran na nanggagaling sa protektadong lugar, kinikita sa pa-upa o renta sa multiple use zones, mga kontribusyon na naggagaling sa mga industriya o pasilidad na deretsong nakikinabang sa protektadong lugar o mga kabayaran o kinikita na nanggagaling sa pagpapalakad at pamamahala sa isang protektadong lugar.

Makakamit o matatanggap ng isang protected area sub-fund sa pamamagitan ng pag sumite sa Regional Director (RD) ng mga sumusunod:

a. Inaprubahang work and financial plan ng PAMB
b. Project proposal na kasama ang kaliit-liitang detalye ng mga gastusin
c. Resolusyon ng PAMB na nag-aapruba ng project proposal at work and financial plan
d. Accomplishment report sa mga naunang request.

*Seksyon 18* **PANANALIKSIK SA KATUBIGAN NG NLNP**

Anumang pag-aaral na isasagawa sa katubigan ng NLNP at sa lamang lawa nito ay kailangang kumuha ng pahintulot sa PAMB at iba pang kaugnay nito na pahintulot ayon sa Wildlife Act . Ang bawat pahintulot ay may kalakip na mga kondisyong dapat na tuparin habang isinasagawa ang pananaliksik, gayundin din naman ang pagsusumite sa PAMB ng mga kaukulang sipi/kopya ng kahihinatnan ng pananaliksik at mga mungkahi sa pamamahala ng halaw dito. Lalagda rin ang mananaliksik sa anumang Gratuitous Permit o commercial research agreement na igagawad sa mga mananaliksik sa NLNP ay maggagawad ng isang porsyento/bahagdan (1%) ng lahat ng kikitain para sa Integrated Protected Area Fund o IPAF.

*Seksyon 19* **PAGPAPATIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN SA KAUTUSAN**

Ang bawat kinatawan ng bayan ng Naujan, Victoria, Pola at Socorro sa PAMB, ay maghahain sa bawat Sangguniang Bayan ng sipi/kopya ng kautusang ito para sa kanilang pampublikong pagdinig, kaukulang pagtitiyak at kabatiran at higit sa lahat ang kaukulang pagpapatibay sa final draft ng kautusang ito.

*Seksyon 20* **KAPARUSAHAN**

Ang sinumang taong lumabag sa Republic Act No.7586 o NIPAS Act o sa Republic Act No. 8550 o Fisheries Code of 1998 o alin man sa mga probisyon o seksyon ng kautusang ito ay mananagot at mapaparusahan na naaayon sa Batas NIPAS at Fisheries Code of 1998. Ang sinumang taong mapatunayang nagkasala sa hukuman ay magmumulta ng di bababa sa Limang Libong Peso (P5,000.00) at di naman hihigit sa Limang Daang Libong Peso (P500,000.00), depende sa kalidad o kabayaran ng nasirang bagay o pagkakakulong ng hindi bababa ng isang (1) taon at hindi naman lalampas sa anim (6) na taon.

*Seksyon 21* **PAGPAPAWALANG BISA**

Ang mga ordinansang naunang naipasa o mga bahagi niyon na salungat o di katugma sa ordinansang ito ay pinawawalang bisa.

*Seksyon 22* **PAGKAKABISA**

Matapos ang pampublikong pagdinig (Public Hearing) sa mga bayan ng Naujan, Socorro, Victoria at Pola at mapagkalooban ng kaukulang pagpapatibay ng mga Sangguniang Bayang nabanggit at matapos mapa-aprubahan ng NLNP-PAMB, ito ay magkakabisa at ipatutupad labing limang (15) araw matapos ito ay ilathala sa pahayagang inilalathala sa buong lalawigan ng Silangang Mindoro at sa bulletin board ng lahat ng Pamahalaang Bayan ng Naujan, Pola, Victoria at Socorro at maipaskil sa dalawang (2) pampublikong liwasan (Public Places), o ma-taong lugar sa bawat nasabing bayan.

***LUBOS NA PINAGTIBAY.***

*Isinagawa ngayong ika-7 ng Disyembre 2016 sa Vencio s Garden Hotel and Restaurant, Tawiran, Calapan City, Oriental Mindoro.*